# Ang Makulay na Mundo ni Melay



Kuwento at Guhit ni:

Ma. Remedios A. Perez

DepED DEPARTMENT OF EDUCATION

## FILIPINO 4

| QUARTER | MOST ESSENTIAL LEARNING COMPETENCIES | K TO 12 CG CODE |
|---|---|---|
| 1 | Natutukoy ang bahagi ng binasang kuwento-simula-kasukdulan-katapusan | F4PB-Ii-24 |
| 1 | Nasasagot ang mga tanong sa napakinggan at nabasang kuwento, tekstong pang-impormasyon, at SMS (Short Messaging | F4PB-Ia-d-3.1<br>F4PB-Ia-d-3.1<br>F4PN-Ih-3.2 |
| 1 | Nagagamit ang iba't ibang uri ng panghalip (panao) sa usapan at pagsasabi tungkol sa sariling karanasan | F4WG-If-j-3 |
| 1 | Nakapagbibigay ng hinuha sa kalalabasan ng mga pangyayari sa napakinggang teskto | F4PN-IIb-12 |
| 2 | Nailalarawan ang elemento ng kuwento (tagpuan, tauhan, banghay, at pangyayari) | 4PN-IIe-12.1 |
| | **EDUKASYON SA PAGPAPAKATAO 3** | |
| 2 | Nakapagpapakita ng malasakit sa may mga kapansanan sa pamamagitan ng: 2.1.pagbibigay ng simpleng tulong sa kanilang pangangailangan | EsP3P- IIc-e – 15 |



# TREASURY OF STORYBOOKS

This story is a product of the National Competition on Storybook Writing 2022 of the Department of Education. Pursuant to the Intellectual Property Code of the Philippines, no copyright shall subsist in this work of Government of the Philippines. However, prior approval of the Department of Education shall be necessary for explanation of such work for profit. DepEd may, among other things, impose as a condition the payment of royalties. No prior approval or conditions shall be required for the use for any purpose of statues, rule and regulations, and speeches, lectures, sermons, addresses, and dissertations pronounced, read or rendered in courts of justice, before administrative agencies, in collaborative assemblies and in meetings of publiccharacter.

For the purpose of the citation, the following recommended.

## DEVELOPMENT TEAM

**Writer and Illustrator: Ma. Remedios A. Perez**
Fort Bonifacio Elementary School

## LEARNING RESOURCES MANAGERS

Mr. Marvin H. Suarez, Principal II
Dr. Jonardo Y. Pablo, Principal IV
Dr. Tomas C. Galiza, EPS LRMS
Mr. Neil Vincent C. Sandoval, CID Chief
Ms. Ma. Evalou Concepcion A. Agustin, SDS

**SDO Makati**
**National Capital Region**

# STORY TEASER

Mayroon bang kulay ang mundo ng isang batang katulad ni Melay na mula pa nang isilang ay wala nang paningin? Ang nag-iisa niyang kaibigang walang katumbas ang pagmamahal sa kaniya ang magiging dahilan ng malaking pagbabago sa kaniyang buhay.


Namulat si Melay sa mundong
walang kulay.

Mula nang isilang siya,
dilim lamang ang kaniyang
nakikita.










Ngunit kahit ganoon
ang kaniyang kalagayan,
hindi siya kakikitaan
ng kalungkutan.
Likas siyang masayahin
at masiglang bata.




Palagi niyang kasama
ang kaniyang matalik na
kaibigang si Ikay.

Kapag sila ay maglalaro,
sinusundo ni Ikay si Melay
sa kanilang bahay.

Inaakay niya ito
habang sila ay naglalakad
patungo sa paborito nilang
palaruan.






Isang araw, sa kanilang daan patungong palaruan...


"Melay, ang gaganda ng mga pula at puting rosas," wika ni Ikay.

"Talaga, Ikay? Pwede ko ba silang hawakan?" tanong ni Melay sa kaibigan.

"Oo naman!" sambit ni Ikay. "Hmmm, ang bango ng mga rosas!" dagdag ni Melay.








Libang na libang ang magkaibigan habang sila ay nasa palaruan.

"Halika Melay, sumakay tayo sa duyan sa ilalim ng malaki at mayabong na puno ng mangga," aya ni Ikay sa kaniyang kaibigan.

Ramdam nila ang lamig ng simoy ng hangin habang nagduduyan.



"Masarap sa pakiramdam
ang mahiga sa luntiang damuhan,
gusto mo bang doon naman
tayo pumunta?" tanong ni Ikay.

"Sige Ikay, gusto ko roon,"
sagot ni Melay.






Habang nakahiga ang magkaibigan sa luntiang damuhan, inilalarawan ni Ikay ang lahat ng kaniyang nakikita sa paligid at kalawakan, ngunit ang pinakanagustuhan ni Melay ay ang makulay na bahaghari.

“Melay, napakaganda ng bahaghari sa kalawakan! Mayroon itong iba’t ibang kulay, gaya ng pula, kahel, dilaw, berde, asul, indigo, at lila,” paglalarawan ni Ikay.








"Wow! Talaga, Ikay?
Sana makita ko rin ang mga bagay na iyong inilalarawan. Salamat sa iyo kaibigan. Dahil sa iyo, para ko na ring nakita ang mundo," pagpapasalamat ni Melay.

"Di bale Melay, balang araw ay makikita mo rin ang mga ito at marami pang makukulay na bagay sa mundo." wika ni Ikay.

"Alam mo, Ikay, sobrang saya ko dahil mayroon akong kaibigang katulad mo," sabay ang mahigpit na yakap ni Melay kay Ikay.






Papalubog na ang araw,
kung kaya't nagpasya na ang
dalawa na umuwi.


Sa pagtawid nila ng kalye
ay may mabilis na kotseng
humarurot sa kanilang harapan.

Hindi nakaiwas ang
magkaibigan kung kaya't
sila ay nahagip nito.



Dinala sa ospital ang magkaibigan dahil sa aksidente. Nagtamo ng maraming gasgas sa mga braso at binti si Melay, samantalang si Ikay naman ay naging malubha ang kalagayan.





Bago bawian ng buhay si Ikay ay hiniling niya sa kaniyang tatay at nanay na ibigay ang kaniyang mga mata sa kaniyang matalik na kaibigang si Melay.



Pagkalipas ng ilang araw
ay naging matagumpay
ang isinagawang operasyon
sa mga mata ni Melay.




Sa unang pagmulat ng kaniyang mga mata ay namangha siya sa kaniyang mga nakita. Hindi na madilim at puno na ng liwanag. Sa pagkakataong iyon ay hinanap niya ang matalik na kaibigan.

Laking gulat niya nang malamang ito ay pumanaw na at ang mga mata nito ay ibinigay sa kaniya.







May kirot sa puso ni Melay
dahil sa mga pangyayari.

Sa kabila nito, nasambit niya
sa kaniyang sarili ang mga
salitang, "Maraming salamat,
Ikay, dahil sa iyo ay nakita ko
na ang mundong makulay."



Sa paglipas ng mga araw ay natuklasan ni Melay kung gaano kakulay ang mundong inilalarawan noon ni Ikay sa kaniya.  Dahil dito, lubos siyang nagpasalamat sa Diyos sa pagbibigay sa kaniya ng isang napakabuti at mapagmahal na kaibigan.



# BUOD NG KUWENTO

Ang "Ang Makulay na Mundo ni Melay" ay kuwento ng isang batang bulag. Sa kabila ng kaniyang pisikal na kalagayan, ipinakita niya ang katatagan at pagkakaroon ng pag-asa anuman ang kaniyang pinagdaanan.

Lubos ang kasiyahan niya dahil sa kaniyang matalik na kaibigan. Ngunit may isang hindi inaasahang pangyayaring magdudulot ng labis na kalungkutan kay Melay.

Alamin kung ano ang malaking pagbabagong magaganap sa kaniyang buhay at sa mundong kaniyang hindi pa nasisilayan.



